

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Naging pinakamababa ang PMI sa loob ng halos apat na taon noong Oktubre

Mga pangunahing nalaman

Naging pinakamabilis ang pagdami ng mga output contract simula noong Nobyembre 2015

Bumaba ang bagong business nang tatlong buwang sunud-sunod

Patuloy na bumaba ang mga trabaho

Patuloy na humina ang mga kundisyon ng pagnenegosyo sa ASEAN noong Oktubre, alinsunod sa pinakabagong data ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™).

Ang headline PMI ay bumaba mula 49.1 noong Setyembre at naging 48.5 noong Oktubre, na naghuhudyat ng paghina ng mga kundisyon ng pagnenegosyo sa buong manufacturing sector ng ASEAN sa ikalimang buwang sunud-sunod, bagama't katamtaman lang ang bilis nito. Gayunpaman, naging pinakamababa ang headline figure simula noong Nobyembre 2015, at dalawa lang sa limang sangkot na bansa ang nag-ulat ng pagganda ng mga kundisyon. Nakaapekto sa headline index ang mas mabilis na pagbaba ng output at mga bagong order, kasabay ng pinakamabilis na pagbaba ng employment simula noong huling bahagi ng 2015.

Gaya ng naging kaso sa bawat buwan simula noong Pebrero, inulat ng Myanmar ang pinakamataas na pangkalahatang performance sa pitong sinusubaybayang bansa. Ang headline PMI para sa Myanmar (53.0) ay naging pinakamataas mula pa noong Hunyo, at naghudyat ito ng kapansin-pansing pagganda sa mga kundisyon ng pagnenegosyo, na dulot ng mabilis na pagdami ng output, mga bagong order at dagdag pang pagtaas ng employment. Ang Pilipinas lang ang isa pang bansang nag-ulat ng pag-unlad, ang headline index (52.1) ay nagbigay-diin sa isang katamtamang pagganda ng kalagayan ng manufacturing sector, at naging pinakamabilis ang pag-unlad simula pa noong Enero.

Samantala, walang naging pagbabago sa manufacturing sector ng Thailand noong Oktubre, ang headline figure (50.0) ay naghudyat ng walang pagbabago sa mga kalagayan ng pagnenegosyo pagkatapos ng kaunting pagganda noong Setyembre. Gayundin, nagtala ng headline reading na 50.0 sa Vietnam, na nagbigay-diin sa kawalan ng pagbabago sa kalagayan ng manufacturing sector noong Oktubre at natapos dito ang survey record na 46 na buwang sunud-sunod na pag-unlad.

Kung ikukumpara, nag-ulat ang Malaysia ng paghina ng mga kundisyon ng negosyo sa ikatatumpung buwang sunud-sunod. Ang headline index (49.3) ay naghudyat ng kaunting paghina, at naging pinakamabagal ang paghina simula noong Abril. Samantala, patuloy na nag-ulat ang Indonesia ng paghina ng mga kundisyon sa manufacturing, at naging pinakamababa ang headline index sa loob ng halos apat na taon (47.7).

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Patuloy na lumiit ang manufacturing sector ng ASEAN noong Oktubre, at naging pinakamababa ang headline PMI sa loob ng halos apat na taon. Itinala ng mga negosyo ang pinakamabilis na pagbaba ng output simula noong Nobyembre 2015, habang bumaba ang mga order sa ikatlong buwang sunud-sunod.

"Sa gitna ng mas mahihinang kundisyon ng demand at mas mabababang kinakailangan sa produksyon, nagbawas ng employment ang mga kumpanya para sa ikalimang sunud-sunod na buwan, at naging pinakamabilis ang pagbabawas ng trabaho simula noong Setyembre.

"Sa mga bansa, ang Myanmar at ang Pilipinas lang ang nag-ulat ng pagganda ng mga kundisyon sa pagnenegosyo, kung ikukumpara sa kapansin-pansing paghina sa Singapore at dagdag pang paghina sa Malaysia.

"Sa kabila ng mahihirap na kundisyon, nananatiling optimistic ang mga manufacturer sa ASEAN hinggil sa mga inaasahan sa output para sa susunod na taon. Gayunpaman, naging pinakamahina ang sentimyento simula noong Pebrero sa gitna ng nakakapag-alalang outlook."

Panghuli, nag-ulat ang Singapore ng dagdag pang paghina ng mga kundisyon ng pagnenegosyo, at ang pinakabagong headline figure (41.4) ay naging pinakamababa sa kasaysayan ng survey (simula noong Agosto 2012).

Sa pangkalahatan, patuloy na nahirapan ang manufacturing sector ng ASEAN noong Oktubre, at naging pinakamabilis ang paghina ng mga kundisyon ng pagnenegosyo sa loob ng halos apat na taon. Ang patuloy na pagbaba ng output ay isa sa mga salik na nakaambag, at naging pinakamabilis ang pagbaba ng produksyon simula noong Nobyembre 2015. Naging dahilan din ng paghina ang ikatlong buwang sunud-sunod na pagbaba sa mga volume ng order book, na pinakamabilis sa loob ng halos apat na taon. Gayundin, humina ang dating ng bagong business mula sa ibayong dagat, bagama't naging pinakamabagal ito sa kasalukuyang tatlong buwang sunud-sunod na paghina.

Ang mas mababang mga kinakailangan sa produksyon ay nagdulot sa mga manufacturer na magbawas ng mga trabaho noong Oktubre. Naging pinakamabilis ang pagbabawas ng trabaho simula sa huling bahagi ng 2015. Gayunpaman, bumaba nang kaunti ang mga backlog ng trabaho at naging pinakamabilis ito simula noong Pebrero.

Samantala, humina ang mga inflationary pressure sa Oktubre. Tumaas lang nang bahagya ang mga presyo ng input, at naging pinakamabagal ang inflation ng gastusin sa kasaysayan ng series. Hindi nagbago ang mga singil sa output noong Oktubre, at samakatuwid ay tinapos nito ang 83 buwang sunud-sunod na pagtaas ng presyo sa factory gate.


Binigyang-diin ng data ng Oktubre ang paghina ng aktibidad sa pagbili, at naging pinakamabilis ang pagbaba simula noong Nobyembre 2015. Kasabay nito, bumaba ang mga imbentaryo ng pre-production. Naging pinakamabilis ang pagbaba simula noong Hulyo, bagama't bahagya lang ito.

Panghuli, nanatiling may kumpiyansa ang mga negosyo na tataas ang output sa susunod na taon. Gayunpaman, naging pinakamahina ang positibong sentimiyento simula noong Marso, dahil naapektuhan ng mahihirap na kundisyon at pag-aalangan sa merkado ang mga inaashaan ng mga manufacturer sa ASEAN.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491 461 019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
Telepono: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
Telepono: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay inahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayos.

Ang data ng Oktubre 2019 ay nakolekta noong 11-24 Oktubre 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.